# Hindi siya mag-susuot ng damit,mga turban,at mga pantalon,at mga damit(na nababalot ang ulo ),mga sandal( yari sa tela/balat),maliban sa isang taong walang mahanap na sapatos,ay maari siyang magsuot ng sandal ( na yari sa tela/balat),at puputulan niya ang dalawang ito nang mas-mababa pa sa bukong-bukong ng paa niya,at hindi siya mag-susuot na anumang damit na may halong pabango ng Saffron o tina.

Ayon kay Abdullah bin Umar-malugod si Allah sa knilang dalawa-((Na ang isang lalaki ay nagsabi; O Sugo ni Allah,Ano ang isusuot ng taong nagsagawa ng Ihraam,mula sa mga damit?Sinabi ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-; ((Hindi siya mag-susuot ng damit,mga turban,mga pantalon,mga damit(na bumabalot sa ulo hanggang paa),mga sandal( yari sa tela/balat),maliban sa isang walang mahanap na sapatos,maari siyang magsuot ng sandal(yari sa tela/balat),at puputulan niya ang dalawang ito nang mas-mababa pa sa bukong-bukong ng paa,at hindi siya mag-susuot na anumang damit na may halong Za-faran o Wars (dalawang uri ng halaman).)) At sa salaysay ni Imam Al-Buhkarie;(( At hindi magtatakip ng mukha ang babae at hindi magsusuot ng guwantes))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Tunay na napag-alaman ng mga kasamahan ng Propeta-pagpalain sila ni Allah at pangalagaan-Na sa pagsasagawa ng Ihram ay may kakaibang itsura sa itsura ng pagpapahintulot (pagsuot ng anumang naising-damit pagkatapos mag-sagawa ng ihram) kung-kayat nagtanong ang isang lalaki sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa mga bagay na ipinahihintulot na susuotin ng taong nag-sasagawa ng Ihram.At nang maging ang tanong ay angkop sa mga bagay na dapat nitong iwasan,dahil ito ay nabibilang at iilan lamang,at tunay na ibinahagi niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ang Kabuuan ng salita sa sagot niya,sa pagpapahayag ng mga bagay na dapat iwasan nang taong nag-ihram at mananatili siya sa anumang bagay maliban rito sa pinagmulan ng kapahintulutan,at dahil rito ay nakakamit ang maraming kaalaman.at siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay isina-alang-alang niya ang mga bagay na ipinagbabawal sa lalaking nag-ihram,mula sa pananamit,na may pagpapa-ingat sa bawat uri nito na may kahawig sa bawat-isa rito.Sinabi niya;Hindi mag-susuot ng damit,at ang lahat ng nahiwalay at sinukat sa antas ng katawan,at

ng mga turban,damit na may talukbong,at sa lahat na bumabalot sa ulo,na kadikit nito,at mga pantalon,at sa lahat ng bumabalot rito-kahit na isang parte lamang-tulad ng mga guwantes,at mga tulad nito,sinukat man o ipinalibot ito,at hindi rin mga sandal ( yari sa tela/balat),na kung saan ay bumabalot ito sa dalawang bukong-bukong ng paa na gawa sa koton o lana o balat,at iba pa rito,sinuman ang hindi makahanap ng sapatos sa oras ng pagsasagawa niya ng ihram,ay magsuot siya ng sandal( yari sa tela/balat) at putulin niya ito nang mas mababa sa bukong-bukong ng paa nito upang ito ay mag-mukhang sapatos.Pagkatapos ay dinagdagan niya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng mga kalamangan na hindi nabanggit sa tanong,at ang kinalalagyan nito ay nagpapahiwatig rito,Ipinahayag niya ang mga bagay na ipinagbabawal sa pagsasagawa ng Ihram sa pang-kalahatan,lalaki man o babae,Sinabi niya; Hindi siya dapat magsuot ng alinman sa mga damit o iba rito,ginamitan man ng sinulid o hindi,kapag ito ay hinaluan ng tina at pabango ng Saffron,bilang pagpapa-ingat sa pag-iwas ng kahit anong-uri ng pabango,Pagkatapos ay ipinahayag niya kung ano ang nararapat sa babae,mula sa pagbabawal sa pagtakip niya ng mukha at pagpasok sa dalawang kamay niya sa alinmang bagay na bumabalot rito,Sinabi niya;"At hindi magtatakip ng mukha ang kababaihan at hindi magsusuot ng guwantes"

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4544